

# kumita ng pera

Nalalapit na naman ang bakasyon at kung ikaw ay isang estudyante, guro, o may ibang trabahong nakabakante tuwing bakasyon. Huwag sayangin ang iyong oras. Malamang, karamihan ng oras mo sa bakasyon ay gagamitin mo lang sa Facebook o Youtube. Sa halip na nakaharap lang sa kompyuter ng buong araw ng walang ginagawa, bakit di gawing produktibo ang iyong bakasyon? Bigyang pansin ang mga sumusunod na paraan kung paano kumita ng pera kahit nasa bahay lang.

## Tagatala ng Datos

Isa sa pinakasimpleng paraan na maaari mong gawin ng walang kinakailangang mahusay na karanasan ay ang pagtatala ng datos. Kailangan lang dito ang mabilis mong pagta-type, kaalaman sa paggamit ng ilang programang nagpoproseso ng mga dokumento tulad ng MS Word, at talas ng paningin. Kailangan mo rin ng mahusay na koneksyon sa Internet at maayos na kompyuter.

May ilang mga kumpanya o indibidwal na nangangailangan ng tulong pagdating sa paglilipat ng ilang impormasyon o datos. Gamit ang talas ng iyong paningin at kahusayan sa pagta-type, madali mong magagawa ang trabahong ito ng walang ibang puhunan kundi ang iyong oras at kaunting kuryente.

## Suportang Administratibong Virtual

Kung mahusay kang makitungo sa mga customer, ito ang pwede mong pagkakitaan ng pera sa madaling paraan. May dalawang uri ito: iyong kailangang mong sagutin ang tawag ng mga customer at iyong hindi mo kailangang sumagot ng mga tawag.

Kung magaling kang makipag-usap, ang trabahong ito ay para sa iyo. Ikaw ang kakatawan sa mga kumpanya pagdating sa mga tanong o order ng kanilang mga customer. Ang kagandahan dito, hindi mo kailangang lumabas ng bahay o magbyahe. Kailangan mo lang ng mahusay na koneksyon ng Internet, kompyuter, at galing sa pagmumulti-task. Kaya mo dapat sagutin ang tanong ng mga customer habang inaasikaso ang kanilang hiling sa iyong kompyuter.

Kung medyo hindi ka tiwala sa kakayanan mong makipag-usap sa ibang tao, mayroon ding ibang uri ng suportang administratibong virtual kung saan hindi mo kailangang sumagot ng mga tawag. Maaaring may ilang ibang gawain ang ipapagawa sa iyo ngunit hindi mo rin kailangang umalis sa iyong tahanan.

## Tagapagturo

Ito ang panahong naghahanap ang mga magulang ng karagdagang tulong para sa kanilang mga anak. Sa halip na magbabad sa telebisyon o kompyuter, gusto ng mga magulang na maging produktibo rin ang kanilang mga anak kaya marami ang naghahanap ng mga tagapagturo.



Kung mahilig kang magbahagi ng iyong kalaaman sa mga mas bata sa iyo, ang pagiging tagapagturo ang isang pwede paraan kung paano kumita ng pera kahit nasa bahay lang. Kailangan mo ng mahusay din na Internet at kompyuter at kahusayan sa pakikipagtungo sa iyong magiging estudyante. Karamihan sa mga magpapaturo ay patungkol sa wikang Ingles kaya mainam na mahusay kang makipag-usap sa wikang ito.

Lalung-lalo na sa mga guro o sa mga estudyanteng nag-aaral sa larangan ng edukasyon, ang trabahong ito ang magbibigay din sa inyo ng karagdagang karanasan at pagsasanay para mas mapahusay ang inyong propesyon.

#### Manunulat o Patnugot

Ibahagi ang iyong mga nalalaman o saloobin sa pamamagitan ng pagsusulat. Ang kabuuan ng Internet ay iba't ibang kaalaman at karunungan na binahagi ng milyon-milyong mga manunulat sa buong mundo. Hindi lang iilan ang babasa sa akda mo, mababasa pa ito ng buong mundo. Ang kagandahan pa dito, isa ito sa mga gawain kung saan maaari kang kumita ng pera sa [madaling paraan](#).

Maaari kang magbenta ng sarili mong mga akda tulad ng mga blog, artikulo, o e-book, at maaari ka ring sumulat para sa iba. Kung hindi ka man magsusulat, pwede ka paring kumita bilang patnugot. Kung mahusay kang maghanap ng mga kamalian at mga dapat baguhin o isaayos sa isang akda, ang trabahong ito ang para sa iyo.

#### Tagadisenyo

Huwag itago ang kahusayan at pagiging malikhain mo. Sa halip na ibahagi lang ang iyong talent sa Instagram at Facebook, bakit hindi mo ito pagkakitaan ngayong bakasyon?

Maraming mga kliyente ang naghahanap ng mga tagadisenyo ng kanilang mga produkto mula sa simpleng mga pulyeto hanggang sa kanilang website.

Maraming mga websites na nagbibigay ng listahan ng mga pwede mong pagkakitaan ngayong bakasyon. Paano yumaman ng mabilis? Hindi pa rin siya ganon kadali gamit ang mga pamamaraang ito, nakasisiguro ka namang mayroon kang mapagkakakitaan para sa iyong mga gastusin sa mga susunod na buwan o para sa mas masayang bakasyon.